

1

I'm alive! I'm really still alive!

Dahan-dahang iniangat ni Roni ang ulo mula sa pagkakasubsob sa kanang braso niya na nakahawak sa manibela. Maliban sa nananakit na braso ay wala namang ibang napinsala sa kanya. *Thank You, Lord!* naluluhang sabi niya sa sarili habang inaalis ang seat belt. Inabot niya ang payong sa backseat at binuksan iyon kasabay ng paglabas niya ng kanyang sasakyan.

Malakas pa rin ang buhos ng ulan, at sa malamlam na ilaw ng poste malapit sa gutter na kinasadlakan ng sasakyan ay wala siyang maaninaw na tao o sasakyan na palapit. She was stuck in a huge fenced vacant lot, in that intersection in a quiet residential neighborhood in the Scout area, at past midnight and she was getting more nervous by the minute.

Hindi niya alam kung paano sisimulang alisin ang *Stop* sign na naipit, at tila pumilas sa harapang bahagi ng minamaneho niyang *1999 Toyota Camry*. Yupi ang kanang bahagi nito at sumadsad pa sa gutter. Hindi niya inaasahan ang pagbuhos ng ulan na dahilan upang mahirapan siyang makita ang dinaraan. May nasasalubong kasi siyang sasakyan

na hindi rin naman niya nawari masyado kung ano. Sinubukan niya iyong iwasan at nagkamali siya ng buwelo, kaya hayun ang nangyari sa pinakamamahal na *Camry* ng kuya niya.

She looked around her and saw a group of men approaching. May dalang flashlights at pawang nakapayong ang mga ito. Isang katamtaman ang taas na security guard, isang payat na lalaking nakakapote, at isa pang matangkad na lalaking nakasuot ng navy blue hoodie jacket ang mga palapit.

“Good evening, Ma’am. Ayos lang po ba kayo?” tanong sa kanya ng guard.

“Ayos lang. Salamat. Medyo masakit lang ang braso ko,” sagot niya bago lumapit at nakatingin din sa damage ng sasakyan.

“Ano ba ang nangyari?” Biglang lumingon ang matangkad na lalaking naka-jacket, dahilan upang muntik nang mabitiwan ni Roni ang hawak niyang payong.

Those intense eyes even behind those glasses... that smooth tanned skin... the deep, sexy, very male voice... Kilala niya ang lalaking ito!

Kaagad siyang nakilala ng binata. “Roni?”

Oh, my God, he still knows me! “Clark... Hi,” nasabi na lang niya habang hindi inaalís ang tingin dito.

“What happened here?” tanong nito, sabay turo sa nakasaksak na signpost sa nayuping bahagi ng *Camry*. Pagkuwan ay inilapit nito ang mukha sa kanya, naniningkit ang mga mata at lukot ang ilong. “Are you drunk?”

Napaatras siya. Fine, she had a few glasses of wine. “Nakainom lang. Sumaglit ako sa birthday ng isang kaibigan d’yan sa *Morrissey’s* sa Morato at pauwi na sana. Dito ako dumaan para kakaunti ang sasakyan at hindi ako mahirapang mag-iiwas dahil maulan nga at medyo mahina ang night vision ko...”

“At nakainom ka pa,” naililing na sabi nito.

“Yeah.” Bahagya siyang nairita sa nahimigang tila disgusto sa paraan ng pagsasalita nito. Nagpigil siyang magtaray dahil kailangan niya ang posibleng maitutulong ni Clark at ng mga kasama nito. She wondered what he was doing in this place at this hour. “Anyway, paliko na sana ako dito sa Ybardolaza nang masilaw ako ng headlights ng paparating na sasakyan. Akala ko, sobrang lapit na at mababangga ako, so umiwas ako.”

“Pero nabangga ka pa rin... Sa *Stop sign*.” Hinilahila nito ang signpost na nakasaksak sa gilid ng *Camry*. “Ilang taon na itong auto mo? This looks like a classic.”

Roni bit her lip. “That’s thirteen years old. 1999 model. Alaga iyan ni Kuya.” She sighed. “May alam ba kayong auto body shop na puwedeng maibalik sa dati at magmumukhang walang nangyaring aksidente? Iyong walang mahahalatang kahit ano ang may-ari, ever?”

Clark stared at her. “You used this car without permission... to go to some party, on a rainy night?”

“It wasn’t raining two hours ago!” protesta niya. “So may alam ka bang puwedeng gumawa nito?”

“Masuwerte ka, Ma’am, dahil nasa kabilang kanto lang ang *CBJ Auto Body and Repair Center*, at isa si Sir Clark sa may-ari,” pagbibigay-alam ng guwardya.

Clark sighed. “We can have it fixed. Pero may walo pang nauna sa ’yo at bandang Miyerkules pa maumpisahan ang trabaho dito.”

“Wednesday?” she shrieked. “Hindi ba ito puwedeng matapos sa Linggo ng hapon?”

“Weekend na, Roni. Hanggang alas tres lang ang pasok ng mga tao namin kapag Sabado, at pahinga kapag Linggo. Monday morning at six pa uli ang resume ng trabaho,” nakataas ang kilay na wika nito. “So, you’re able to use the car without permission because your brother is... out of town, I assume?”

“He’s in Singapore with his wife. And they’ll be back Sunday evening,” pigil ang asar na sabi niya. “Hindi ba puwedeng magbayad na lang ako ng overtime para sa mga tao mong puwedeng gumawa nito?”

Napailing lang ang binata. “I still doubt any of them could assure you this will be done by Sunday afternoon.”

“Okay lang sa akin na magbayad kahit triple ng normal rates n’yo,” alok niya. Di bale nang masaid ang savings, huwag lang magalit nang husto ang kuya niya!

Umiling lang ito. “Sorry. Pero istrikto kami sa quality ng gawa namin at hindi namin ikokompromiso ang pangalan ng negosyo para lang pagbigyan ang isang madaliang trabaho.”

“Fine. Eh, di hahanap na lang ako ng ibang gagawa nito,” asar nang turan niya.

Nagkibit-balikat lang ang binata. “Okay.” Tinanguan nito ang dalawang kasama. “Onad, Jun, tara na at naabala na ang pag-uwi ninyo dahil dito. Pasensya na.”

“Pero, Sir, kawawa naman si Ma’am, hatinggabi na at maulan pa,” bantulot na protesta ng isa pang kasama ni Clark.

“Kaya na niya iyan. Tatawag naman daw siya ng ibang tutulong sa kanya,” anito bago nagsimula nang maglakad palayo kasunod ang mga kasama.

“Ang sama ng ugali mo! Wala ka man lang malasakit sa kapwa mo!” hindi na mapigilang sabi ni Roni. Ang yabang ng Clark na ito! So what if he was Mr. Hotshot award-winning broadcast journalist now? Wala naman itong puso! Kung tratuhin siya nito ay parang wala silang pinagsamahan dati. So they had a falling-out, but before that, they were inseparable! Hindi man lang ba nito isasaalang-alang iyon?

Lumington ito. “Look, I’m not the one who used somebody else’s car without permission and was driving irresponsibly.” Ilang sandali siya nitong tiningnan bago naiiling na tumalikod muli at ipinagpatuloy ang paglalakad.

Naiiyak nang napasandal siya sa kotse,

kesehodang mabasa siya. What else could go wrong, anyway? Masyado siyang minalas!

At ang taong inaasahan niyang tutulong sa kanya ay hayun at inabandona lang siya. Pero ano pa ba ang aasahan niya kay Clark? The man seemed to have a habit of simply walking away from her during times she needed him the most. What else was new?

“Nagi-guilty ka na ba, Bro?”

Tiningnan lang ni Clark ang kaibigang si Brent, na isa sa mga kasosyo niya sa auto body and repair shop business. Ang isa pang kasama nilang nag-invest sa negosyo ay si Janus, na kumuha lang ng makakain nila sa bahay nitong nasa loob din ng compound na kinalalagyan ng kanilang shop. Ang pamilya ng huli ang may-ari ng malawak na corner lot na iyon sa Scout area.

Tuwing gabi matapos ang kani-kanyang trabaho ay tumatambay muna sila ni Brent sa shop bago magsiuwi. Sa tuwing Biyernes ng gabi lang sila talaga nagpapang-abot dahil alas onse natatapos ang late evening news program ng broadcast media giant na *AGTV*, kung saan isa siya sa mga anchors. Nagproduce at nagho-host din siya ng mga documentaries

doon. His weekdays were always busy and toxic, that was why he made it a point to hang out at the shop because being there—with friends who knew him better than anyone, kept him sane and grounded.

Well, except tonight. Dahil hanggang sa mga sandaling iyon ay hindi pa rin siya makapaniwalang si Roni nga ang iniwan niyang mag-isa sa ulan kapiling ang ipinuslit nitong kotse na ngayon ay yupi na ang isang bahagi.

Halos anim na taon na simula nang huli niya itong makita, sa burol pa ng pumanaw nitong ama. Isiningit lang niya noon ang pagdalaw dahil nagkataong madadaan niya ang chapel kung saan nakalagak ang labi. Noon ay excited siya sa beat niya bilang bagitong news reporter. Ni hindi na niya ito nagawang lapitan dahil maraming tao noon at nagmamadali rin siya.

He was not sure if she even saw him then, bagaman nakausap naman niya saglit ang Kuya Vince nito. Nang mga panahong iyon ay saktong dalawang taon na marahil simula nang tuluyan silang hindi na nag-usap o nagpansinan man lang bagaman pareho silang nag-aaral sa *UST* at nasa iisang kolehiyo lang.

“Hindi, ah. Bakit naman ako magi-guilty, siya itong matapang pang mag-demand ng imposible

at nagsabing hahanap na lang ng ibang gagawa ng auto niya,” aniya sa kaibigan bago pinangalahati ang hawak na bote ng beer.

He met Roni during the first day of their freshman year in college. Hindi pa sila naka-uniform noon, at pansinin ang babae sa suot nitong orange t-shirt, torn jeans at sneakers. Hanggang baywang ang buhok nitong noon ay nahahati sa tatlong ponytail sa halip na dalawa o isa. Payat ito, maputi at malaki ang hugis-almond na mga mata. He thought she looked like an anime character.

Mag-isa lang ito noon sa front row. He felt somewhat sorry for the girl bagaman mukhang balewala naman dito iyon dahil may binabasa itong libro—isa pala sa mga political spy thrillers ni Robert Ludlum. Paborito rin niya ang naturang author.

Tinabihan niya ang babae noon. Siya ang nag-initiate ng usapan. *“So, who’s your favorite Ludlum hero?”*

Nag-angat ito ng tingin, ngumiti, revealing that she wore teeth braces which he found cute, and answered: “Trevayne.”

Madali silang nag-click at halos hindi na mapaghiwalay simula noon. They were fiercely

loyal to each other and to their friendship, and that loyalty remained even when he eventually found himself slowly falling for Roni. Itinago niya ang nararamdaman, at nagdesisyong magtatapat lamang dito pagka-graduate nila, kung nagkataong wala pa itong magiging boyfriend. Otherwise, he would just wait until the feeling went away. He'd rather stay friends with Roni than lose her.

Hindi niya inaasahang sa pagsisimula ng kanilang junior year ay simula na rin ng pagbabago sa pagitan nila. Over the summer, they kept in touch through text messages and emails because he spent his vacation months in their home province of Ilocos Norte. Si Roni ay nanatili sa bahay ng mga ito sa isang tahimik na residential area sa Cubao. That summer, she got rid of her braces, and easily filled out as she was now able to properly eat all the food she missed for the past two years.

The skinny teenage girl slowly bloomed into a curvy young woman. Muntik na itong hindi makilala ni Clark nang muli silang magkita. Natutuwa siya sa nakikitang pagbabago at nadagdag na confidence sa kaibigan, ngunit hindi sa pagdami ng mga humahanga rito. Lumawak na rin ang circle ng dalaga. Hindi pa niya gaanong ramdam ang pagbabago sa unang mga linggo ng first semester, ngunit hindi nagtagal ay

halos hindi na sila nagkikita ni Roni.

Naramdaman na rin niya ang tila pag-iwas nito at nang lumaon ay tuluyan na nitong hindi pagpansin sa kanya. Hindi niya alam kung ano talaga ang nangyari, hindi na siya gumawa ng paraan na kausapin ito dahil labis din siyang nasaktan sa bigla na lang pagbabago ng babae. Nagtapos sila at lahat na hindi na muling nagkausap pa, hanggang sa mabalitaan nga niyang namatay na ang ama nito.

Sa maikling pakikipag-usap niya sa kapatid ni Roni ay nalaman niyang papasok ng law school ang dalaga upang sundan ang yapak ng yumaong ama na isang magaling na abogado. He wondered if she was already done with law school. Was she already a lawyer now?

He'd never even thought about Roni in years, until now that he saw her again. Kung saan nakita niyang kahit medyo nairita siya sa babae, at sa kabila ng nagulo nitong buhok at wala sa ayos na pink jacket na nabasa na ng ulan, ay parang lalo pa itong gumanda.

“Balikan mo na, Bro. Baka kung ano pa'ng mangyari doon,” pukaw ni Janus sa kanya habang inilalapag nito ang isang malaking box ng kaiinit pa lang na pizza.

He simply snorted, then reached for a pizza slice when his cellphone vibrated. Ang pinsan niyang si Rich ang tumatawag. Nag-excuse siya sa mga kaibigan at lumayo bago tinanggap ang tawag.

“This better be good, Karding,” sabi kaagad niya. Malapit sila sa isa’t isa ni Rich, na Ricardo Luis ang tunay na pangalan. Iyon nga lang ay malakas itong mang-asar, at ang lagi nitong pinagdidiskitahan ay ang malabo niyang love life, lalo na at isa na naman sa mga pinsan nila ang nakatakdang ikasal sa susunod na linggo.

“What were you expecting, Clark Kent?” natatawang sabi nito. “Na ako pa ang magbibigay sa ’yo ng isasama mo sa Linggo? I already have a date, by the way. And I am sure Lola Itang would love her.”

Kung malabo ang love life niya, magulo naman ang kay Rich. Nuknukan kasi ito ng playboy. Bagaman hindi siya nagbibilang ng babae ay hindi rin siya pahuhuli pagdating sa pakikipag-date. Iyon nga lang, dahil sa masyado siyang focused sa trabaho ay wala ni isa man sa mga iyon ang nag-prosper maliban sa huling naging constant date niya na si Kristine. Binalak niya sanang alukin ito ng commitent, ngunit nag-abroad naman dahil nabigyan ng modeling contract sa isang sikat na agency sa New York.

Can't Fight Love - Kylie Montiel

He still went out on dates after Kristine left, but they were mostly of the friendly kind. Iyon ay dahil ayaw niyang basta pakawalan ang potensyal sa pagitan nila ni Kristine. Bagaman walang binitiwang pangako ay sinabi ng babae na sana sa pagbabalik nito ay naroon pa rin siya, so he was somehow holding on to that. Kaya ngayong matindi ang pangangailangan niya ng babaeng maihaharap sa lola niya bilang nobya sa darating na kasalan ay wala siyang makuhang willing na sumama sa kanya sa Ilocos for an entire weekend, at lalo pa ang magpanggap na nobya niya.

Alam ng buong angkan na silang dalawa ni Rich ang pinakapaboritong mga apo, at lahat ay nag-aabang kung sino sa kanila ang masuwerteng pamamanahan nito ng pinakamamahal na beachfront property ng matanda. Palagi nitong sinasabi na kung sino sa kanilang dalawa ang talagang kakikitaan nito ng pagiging seryoso na sa pakikipagrelasyon ang tiyak na pagkakalooban nito ng titulo sa naturang lupain.

Pareho rin kasi sila ni Rich na wala pang nadadala at naipapakilalang nobya sa santambak nilang kaanak sa Ilocos. At para sa kanilang lola, tanda na ng pagiging seryoso kapag may babae na silang nadala at naipakilala sa buong angkan. Kaya naman para marahil ma-pressure sila na umayos na ay magbibigay na ng mana ang matanda kahit buhay

pa ito. And she knew very well how they loved the beachfront property.

Kaya lang ay paano iyon mapapasakanya gayong wala pa siyang nahahanap na sasama sa kanya sa isang linggo?

“What, my boy? Don’t tell me you haven’t found a date yet.” Pinukaw ng pinsan ang pag-iisip niya.

“Who says I haven’t found a date yet?” kontra niya. “In fact... I wouldn’t call it just a date,” he slowly said, as an idea suddenly popped in his head. Tila nang-aasar naman na tumawa lang ang kausap niya sa kabilang linya. “Kilala ko na siya since college, and we saw each other recently and... what the heck! I shouldn’t keep her waiting. She’s actually with me now,” sabi niya. Bago pa muling nakapagsalita si Rich ay pinutol na niya ang tawag. Nilapitan niya ang mga kaibigang curious na nakatingin sa kanya.

“Okay, babalikan ko si Roni,” anunsyo niya, dahilan upang magkatinginan sina Brent at Janus. “Pakisunod na lang ang hihila.” Bago pa nakahuma ang dalawa ay tumalikod na siya, muling isinuot ang jacket at lumabas na.

2

“What are you doing?”

Mula sa pagkakayuko sa bumper na kanina pa niya sinusubukang hilahin upang makuha ang naipit na signpost ay nagtaas ng tingin si Roni. She turned to her right and saw Clark standing there, looking down at her with an amused expression on his face.

“Eh, di ginagawan ng paraan na maalís itong pesteng signpost na ito.”

Nailing na lumapit ito, marahang hinawakan siya sa braso upang ilayo siya sa nag-rumble na bumper at signpost. Ibinigay rin nito ang dalang navy blue jacket sa kanya. “Palitan mo ’yang jacket mo at basa na iyan. Baka magkasakit ka pa.”

Hindi makapaniwalang tiningnan niya ang lalaki bago tahimik na inalis ang suot na jacket at ipinalit doon ang ibinigay nito. It smelled good and felt deliciously warm.

Minasdan niya ang ginagawa nitong paghila sa bumper habang hawak din ang katawan ng signpost na yari sa mabigat na bakal. He was wearing a snug fitting shirt and his firm, lean muscles were a sight

to behold. Parang ang lakas at ang tatag tingnan ni Clark, na kapag napaloob siya sa matitipunong braso nito ay ligtas na ang pakiramdam niya.

Wait! Why am I checking him out? Hindi niya dapat makalimutan kung paano nitong itinapon na lang basta ang pagkakaibigan nila dati.

“So, bakit ka nagbalik? Tutulungan mo na ba akong magawa ito by Sunday afternoon?” tanong niya.

Saglit itong tumingin sa kanya. “Maybe,” sagot nito bago itinukod sa gulong ang paa upang kumuha ng buwelo para mahila nito ang bumper at mas madaling makuha ang signpost. “Come here,” anito.

Walang salitang lumapit naman siya rito.

“Kaya mo bang hawakan ito?” muwestra nito sa bumper. Tumango lang siya. “Gayahin mo itong puwesto ko habang hawak mo para hindi ka masyadong mabigatan sa paghawak at paghila.” Kinuha nito ang mga kamay niya at ipinalit iyon sa mga kamay nitong nakahawak sa bumper. Ito rin ang nag-ayos ng binti niya upang itukod sa gulong. Hindi yata siya humihinga dahil kanina pa siya nito hinahawakan. His hands were warm and in spite of what he was making her do, he was touching her as

if she was a delicate crystal. Napahigpit tuloy nang husto ang paghawak niya sa bumper. “Kaya ba?” tanong nito, nakaalalay pa rin sa likuran niya. She wordlessly nodded. Noon ito lumayo at binitiwang siya.

Hinawakan nito ang signpost bago tumingin sa kanya. “Ready? One , two, three...” At ubod-lakas nitong hinila iyon, na sa wakas ay kumawala rin mula sa pagkakaipit sa bumper. Inilagay iyon ni Clark sa gilid ng daan bago siya muling hinarap.

Noon ay binitiwang na rin niya ang bumper, at hindi na nag-iisip na lumapit sa binata at yumakap dito. “We did it! Yay!” She looked up and smiled at him, only to see that he was looking down at her with one brow arched, while his glasses slid a few centimeters down to his nose. *Yikes, what have I done?* Pero hindi rin naman niya napigilan ang sariling ayusin ang salamin ng binata. Na kaagad din niyang pinagsisihan dahil nangunot ang noo nito. Noon napansin ni Roni na siya lang ang nakayakap habang ni hindi man lang siya nito hinawakan. Magkahalong pagkapahiya at pagkainis tuloy ang nararamdaman niya nang lumayo rito.

“Hihilahin na namin ito,” anito at tumingin sa noon ay paparating na tow truck. “Gaya ng sinabi

ko, itse-check muna namin ang frame, gagawan ng paraang makakuha agad ng pamalit sa nasira bukas din at ire-realign itong bumper. Papalitan na rin ng parehong ilaw para siguradong walang mahahalata ang kuya mo.”

“At matatapos n’yo ang lahat by Sunday? Willing akong bayaran ang overtime ng mga gagawa!” Sa utak ay kinakalkula na niya ang maaaring magastos. *Paalam, aking mumunting savings at time deposit.*

Tumango ang binata. “Walang mag-o-overtime. Kaming tatlo ng mga katropa ko ang gagawa matapos ang work hours bukas ng mga tao namin,” sagot nito bago tumingin sa kanya. “Which means, I will move a few meetings at the office, as well as the editing and doing the voice over for *As It Is*.” Ang tinutukoy nito ay isang weekly program kung saan isa ito sa mga producers at host.

“At dahil hectic ang susunod na linggo para sa akin, malamang hatinggabi pa lang ng Linggo ay nasa *AGTV* na ako para mapagkasya kong tapusin ang lahat ng dapat ko sanang ginawa over the weekend, pero ipagpapaliban ko muna dahil kailangan naming gawan ng magic itong auto ng kuya mo,” dugtong ni Clark, na tila nangongonsyensya pa.

Roni rolled her eyes. “Oo na, sige na. Give me an

estimate of how much everything will cost. Kasama na po ang labor fees n'yo, Kamahalan.”

“It’s free. Well... sort of.” Huminga ito nang malalim. “I have an offer to make, actually. Since hindi pangkaraniwan at mahirap itong ipinapagawa mo, sa tingin ko, dapat lang na may magiging pakinabang talaga ako sa magiging kapalit,” seryosong sabi nito.

Pakinabang sa... kapalit? *OMG, he’s not talking about sex, right?* “Ano’ng kapalit?” kinakabahang tanong niya.

His eyes lit up, as if he saw something in her, and he knew exactly what she was thinking. “Don’t worry, it will not involve us having carnal knowledge of each other.”

Dama niya ang pag-iinit ng mga pisngi. “Eh, ano nga? Sabihin mo na. Look at me, I’m desperate! I will do anything just to make sure the car gets fixed by Sunday afternoon, and that Kuya won’t notice anything.”

Mataman siya nitong tiningnan. “Bakit kasi hindi mo na lang ipagtapat ang nangyari? From what I remember, mabait ang kuya mo.”

“Iyon na nga, eh. Sobrang bait ng kuya ko, at sa auto lang niya siya nagsusungit. First love niya yata

ang kotseng iyon.” Sinundan niya ng tingin ang tow truck na papalayo na hila ang kanyang sasakyan. “And I admit, I was a fool for sneaking out in that car.” Napailing siya.

“I hate to break Kuya’s heart. At sigurado akong pag nalaman niya, paguguardyahan niya ako sa mga brod niya sa frat at sisiguraduhing school at bahay lang ang magiging destinasyon ko for the next five months at the most. At hindi ko iyon kaya! And the fact that he might not be able to trust me with anything again. One day, sasabihin ko rin naman sa kanya, eh, pero hindi ngayon. Tiyak na mag-aalala pa siya dahil sa aksidente.” Malamlam ang mga matang tiningnan niya si Clark.

He sighed. “I admit I am also quite desperate. At kanina ko lang din naisip ito. You badly need to get the car fixed on time, while I am in dire need of something... er, next weekend.” Napakamot ito ng batok.

“Ano nga iyon? Ano’ng something next weekend?” untag niya.

“What I am about to ask you isn’t terrible. Kakaiba siguro ito at hindi mo aasahan pero, knowing you, baka sakaling ma-enjoy mo rin naman kahit papaano.”

Gigil na hinila ni Roni ang t-shirt nito. “Ano nga iyon? Ang dami pang intro!”

He cleared his throat. “Okay, I guarantee that you shall have the car fixed the way you want it by Sunday afternoon *if* you go out with me on a date next weekend.”

Napanganga siya. “You want me to go out on a date with you, as in... date?”

“Yes. Date. As in, you know, two people going somewhere together on a—”

“Alam ko kung ano ang ibig sabihin ng date,” paingos na putol niya. “Pero bakit? At next weekend?”

“The entire weekend, actually. Kasal ng pinsan ko at sa Ilocos ang venue, sa resort ni Lola. Linggo ng hapon ang kasal, pero Sabado ng umaga ay kailangan nating umalis dito dahil may pre-wedding party pa sa Sabado ng gabi at inaasahan ng lahat na naroon din ako, na may kasamang date.” Napailing ito. “Very early Monday morning ang balik natin dito. We’ll take the plane, don’t worry. At sagot ko ang lahat.”

“Whoa!” Itinaas niya ang isang kamay. “You want me to go with you on a weekend up north? Hindi mo man lang ba naisip na baka may ibang plano o schedule ako?”

Tila noon lang iyon naisip ng binata. “Mayroon ba? Tatawag ako sa office n’yo kung kailangan. At ipagpapaalam din kita sa mga kapatid mo kung gusto mo.”

Pinanlakihan niya ito ng mata. “Wala akong plano next weekend, at wala din akong schedule o work o kung anupaman. Monday to Friday lang ang pasok ko sa bar review classes at alas dos nag-uumpisa ang mga iyon.” Pagkuwan ay curious niya itong tiningnan. “Why me? I’m sure marami kang kakilalang artista, model o beauty queen para maging date mo.”

“I asked all the other single women I know, but none of them are free next weekend,” sagot nito.

Ouch! So last resort ako, gan'on? “Why do you need a date?”

“May pustahan kami ng pinsan ko, and I can’t afford to lose,” matapat na tugon ng binata.

Another *ouch*. May isasaya pa ba ang kapalaran niya? Naaksidente na nga siya, nakatakda pa siyang makipag-date sa isang lalaking isasama lang siya dahil desperado na ito at wala nang choice, at dahil pa sa pustahan! “What’s at stake?”

“A beautiful beachfront property,” he wistfully said. “At tutulungan mo rin akong masigurong sa akin

mapupunta iyon.” He then checked his watch. “It’s late. Kailangan ko nang magpahinga para may lakas ako pag inumpisahan na namin ang hocus-pocus sa *Camry* ng kuya mo. Ipapaliwanag ko sa ’yo ang ibang detalye pag na-ideliver ko na ang auto sa bahay n’yo. Doon pa rin ba kayo sa *Horseshoe Village*?”

“Yes. Pero hindi pa ako pumapayag!” protesta niya.

“May choice ka ba, Roni?” nakangising sabi nito bago nag-umpisang lumakad palayo. “I really should head home. Kaya mo na sigurong umuwi from here. Doon ka maghintay ng cab sa shed para mas maliwanag.”

Hindi makapaniwalang tiningnan ni Roni ang lalaki. Hindi man lang ito nagboluntaryong ihatid siya? “Fine,” mahinang nasabi niya bago walang paalam na nagmartsa patungo sa waiting shed.

“Adios,” narinig niyang sabi ng binata. Hindi niya ito nilingon. Dere-derecho lang ang lakad niya. Nang marating niya ang pakay na puwesto ay saka niya ito muling tiningnan. May kausap ito sa cellphone habang papalayo.

Napapabuntong-hiningang tumingin siya sa daan. May dumaang taxi ngunit may sakay na. Asar

na inilabas niya ang cellphone at magko-compose na sana ng text nang may mapansing maliwanag na paparating. Isa iyong malaking van na mukhang ambulansya na di mawari. Puti iyon at may logo ng *AGTV*. Puwede kaya siyang maki-hitch? Bago pa niya naitaas ang kamay upang pahintuin ang sasakyan ay tumigil na iyon sa tapat niya.

Nagbaba ng bintana ang driver. “Ma’am, kayo po si Miss Roni Agbayani?”

Takang tumango siya at lumapit. Noon bumukas ang pinto sa likod at lumabas ang dalawang lalaking paramedic.

“Kinontak po kami ni Sir Clark, at nagkataon namang nag-iikot kami d’yan sa Timog. Rescue team po kami ng *AGTV* at ihahatid ka na namin sa bahay. Pero itse-check ka dahil ang s’abi po ni Sir ay naaksidente daw kayo kanina,” paliwanag nito. As if on cue ay nilapitan siya ng dalawang lalaki at inalalayan papasok sa sasakyan.

Bagaman nagugulat ay natutuwang sumunod lang siya sa mga ito. Soon she was seated comfortably inside and being checked for signs of shock. Sinilbihan din siya ng mainit na inumin at ilang biscuits.

Noon niya naisip na si Clark ang nagpadala

Can't Fight Love - Kylie Montiel

sa mga iyon para sa kanya. Nawala tuloy ang inis na nararamdaman niya para sa binatang lingid sa kaalaman ng lahat ay siya ring first love niya.

May puso ka naman pala kahit papaano, Clark Bermudez.

3

Thirty-eight agonizing hours. Posible kayang maging dahilan ng pagkabaliw ng isang tao ang stress na dala ng paghihintay? Napapabuntong-hiningang isinara ni Roni ang Civil Law reviewer na binabasa. Tumayo siya at muling tiningnan ang oras sa kanyang cellphone.

Limang minuto bago mag-alas cinco. Wala man lang siyang balita mula kay Clark tungkol sa progress ng ginagawa nito sa loob ng nagdaang tatlumpu't walong oras. Hindi siya makapangulit dahil hindi niya alam ang cellphone number nito.

Uminom muna siya ng tubig mula sa bote at muntik nang mabilaukan nang biglang may bumusina sa labas. Tumakbo siya palabas patungo sa main gate at kaagad iyong binuksan. Ilang sandali pa ay maingat nang umaatras papasok sa garahe ang isang malinis, makintab at mukhang bagong *Toyota Camry*.

Sinenyasan niya si Clark na isagad hanggang sa dulo ng mahabang garahe sa gilid ng kanilang bahay ang sasakyan bago niya muling isinara ang gate. Tinungo niya ang nakahintong kotse, tumalungko sa harap niyon at ininspeksyon ang bumper. Kinatok-katok at hinimas-himas niya iyon. Everything looked

perfect. Wala ni katiting na bakas ng ginawa niyang 'krimen'.

“Well? Ano na po ang verdict, Chief Justice?” tanong ng binata na amused na nakatingin sa kanya.

“It’s so perfect I won’t ever be suspected or accused of anything! Ang galing!” natutuwang sabi niya nang tumayo. Sa saya ay sinugod niya ito ng yakap. “Thank you! Salamat talaga!” Ngunit di katulad noong Biyernes, he actually did gently hugg her back. She looked up at him and smiled. “Verdict ba ’ika mo? Not guilty syempre! Acquitted! I’m a free woman!”

“Hindi ka pa malaya sa obligasyon mo sa akin this weekend,” paalala nito.

“Hindi ko po iyon nakakalimutan. At hindi mo na ako kailangang ipagpaalam kay Kuya. Utang na loob! Kinikilabutan ako maisip lang na kakausapin niya ang taong tumulong gawin ang pinakamamahal niyang si Honeybunch, na naluray nang hindi niya nalalaman.”

“Honeybunch?” taas ang kilay na tanong nito.

“That’s the car’s name. Weird, di ba? Ganoon kamahal ni Kuya ang kotseng iyan.” Ipinagpag niya ang mga kamay. “So are you really spending the night

at *AGTV*?”

Nagkibit-balikat lang ito. “Yeah. Dito ako dadaanan ng pinsan ko within the hour so sa labas na lang ako maghihintay. Tatambay na lang ako sa plantbox.”

Mataman niya itong tiningnan. Gaano ba katayog ang pride ng lalaking ito at ni hindi man lang siya matanong kung puwede muna itong tumuloy sa bahay nila, makiinom o kung anupaman? Hinawakan niya ito sa braso at marahang hinila.

“Magmumukha kang guard namin kung sa labas ka tatambay. Tara muna sa loob. Nagluto ako ng pasta bolognese. Kain ka muna. Nakokonsyensya naman akong walang tulugan ang drama mo ngayon sa *AGTV* dahil sa akin,” sabi niya habang papasok sila ng bahay.

Pagdating sa kusina ay kaagad niya itong pinagsilbihan ng pasta, pati na ang cake at inuming kinuha niya sa refrigerator. “Kain lang,” sabi niya bago naupo sa silyang katapat nito. Noon niya napansing nangungunot ang noo ng binata habang nakatingin sa kanya.

“Do you have a boyfriend now, Roni?” tanong nito.

“Wala. Bakit?” marahang sagot niya, pigil ang ngiti sa nakitang pamumula nito.

“Well, magaling kang mag-asikaso. At isa pa, ayoko namang mapa-trouble ka kung sakali dahil nga sa date natin this weekend.”

“Hindi ako mapapa-trouble.” She waved a hand dismissively. “And as for my knack for taking care of people, I like having friends over. I also enjoy cooking, kaya gusto ko, nasa ayos at komportable ang lahat.”

Tumaas ang isang kilay nito. “Bakit wala kang boyfriend?”

“Mahirap, eh. Law school was tough and demanding. Isa pa, nagtatrabaho din ako sa isang magazine habang nag-aaral. Unfair naman na mag-co-commit ako sa isang relasyon ‘tapos hindi ko pala masyadong mabibigyan ng oras. I went out on dates, pero walang nag-prosper. Siguro hindi pa time,” paliwanag niya. It felt strange somehow to look at him now and still feel that warmth, that sudden rush within.

My God! I can't possibly be still in love with this jerk! Matagal na niya itong nakalimutan. Naka-move on na siya! Kung matino man ang pakikitungo nila sa isa't isa ngayon ay dahil lamang iyon sa sitwasyon

nila. They were both desperate for each other's help. Iyon lamang at wala nang iba pa. Hindi siya dapat na nag-iisip ng kung anu-ano, o masyadong ina-analyze ang mga nararamdaman.

Tumayo siya at kumuha ng dalawang baso ng iced tea. Si Clark ay inabala naman ang sarili sa pagkain. Natuwa siyang tila nagustuhan nito ang luto niya. Malinis ang pinggan nito nang matapos at nakadalawang slice pa ng cake. Hinihimas pa nito ang tiyan matapos uminom.

“Gusto mo bang magbaon? Para hindi ka na lalabas upang bumili ng pagkain mamaya,” alok niya. “Gusto mo ng sandwich? May egg salad sa ref, igagawa kita.”

He simply looked at her with one brow arched. Sinimulan nitong iligpit ang pinagkainan at tahimik na dinala iyon sa lababo.

“Ano na?” untag ni Roni bagaman naglalagay na siya ng pasta at sauce sa magkahiwalay na lalagyan. Pasulyap-sulyap siya sa binata na noon ay naghuhugas na ng pinggan at kubyertos.

“Nakita mo naman kung gaano kalinis ang pinggan ko, at alam mong hindi ako tumatanggi sa grasya,” sagot nito, sabay nakangiting sumulyap sa

kanya.

At hindi niya inaasahan ang nangyari dahil sa ngiting iyon. Tumalon yata ang puso niya at bumara sa kanyang lalamunan. Ilang segundo bago siya tila nahimasmasan at nakapagsalita. “Okay, dadamihan ko ito.” *What is going on? Eh, ano kung lalo pang gumuguwapo ang isang ito kapag nakangiti? He’s still a jerk.*

Inilagay niya sa paper bag ang ginawang baon at iniabot iyon kay Clark na noon ay tinutuyo na ang mga nahugasang pinggan. “Ubusin mo iyan, ha. Kung hindi mo mauubos, ipamigay mo sa nagugutom. Huwag mong sayangin.”

Mukhang may sasabihin sana ito nang bigla silang makarinig ng malakas na busina, dahilan upang mapamura ang binata.

“Sorry, tiyak na si Rich iyon, ang pasaway kong pinsan,” naiiling na sabi nito bago mabilis na tinungo ang main door. Kaagad siyang napasunod hanggang sa makalabas ito ng pedestrian gate. Isang itim na *Toyota Prado* ang nakahinto sa labas, nakababa ang bintana sa driver’s side at nakangiti sa kanila ang isang mestisuhing lalaki. Ipinakilala sila ni Clark sa isa’t isa.

Sa unang tingin pa lang ay halata nang may pagkapilyo ang pinsan nito. Pumito ito nang makita siya. “So, ikaw pala ang itinatagong girlfriend nitong pinsan ko?”

Ano daw? “Ha? Hindi ak—”

“We’re dating. Hindi pa kami,” mabilis na agaw ni Clark sa sasabihin sana niya.

Nangunot ang noo ni Rich. “I thought matagal na kayong magkakilala so bakit pa—”

“We saw each other again only recently. We both became busy after college,” putol muli nito. Noon naman naintindihan ni Roni kung ano ang nangyayari.

But why would Clark say they were already dating? Mukhang may mga bagay pa siyang hindi alam tungkol sa pustahang ito. “Yeah, mga ilang linggo pa lang nang magkita kami uli. Sobrang hectic at toxic kasi ng mga buhay namin these past few years,” aniya, sabay tingin sa dating kaibigan.

“Right. Uhm... I should go, Roni,” paalam nito at hinagkan siya sa pisngi. “I’ll see you okay?” He gave her arm a gentle squeeze as he moved away. Itinaas nito ang hawak na paper bag. “Salamat dito.”

Can't Fight Love - Kylie Montiel

Nabibigla pa ring napatango na lang siya. “Okay.” Ngumiti lang ito bago umikot sa passenger side ng sasakyan at lumulan doon. Binalingan niya ang pinsan nito. “Ingat sa pagda-drive, Rich.”

“S’abi mo, eh,” anito. “Kitakits sa Sabado.”

Ngumiti lang siya at sumaludo sa mga ito. Soon, the vehicle sped away and she was left standing there, still trying to process what just happened.

Clark just kissed her! And that was a first.